## Judicial Council of California “Preparing for Your Remote Court Proceeding on Zoom” Video Transcript — Tagalog

**(Voice over)**

Ang Zoom ay isang panteknolohiyang programang nagbibigay-daan para kumonekta ang mga tao sa parehong meeting mula saanmang lugar sa pamamagitan ng video. Puwedeng gumamit ang hukuman mo ng Zoom para maglitis. Sasabihin sa iyo ng video na ito kung ano ang dapat mong gawin para maghanda para sa iyong remote na paglilitis ng hukuman sa Zoom.

Piliin ang Iyong Device

Ang una mong dapat gawin ay piliin ang device na gusto mong gamitin para sa iyong remote na paglilitis ng hukuman. Para sumali sa remote na paglilitis, kailangan mo ng device para sa video at audio. Puwede itong isang computer (gaya ng laptop), tablet o smartphone. Dapat may camera (para makita ka ng iba) at mikropono (para marinig ka ng iba) ang device. Dapat ding may access ito sa internet sa pamamagitan ng wired na koneksyon, wifi o cellular data.

Kung wala kang access sa isa sa mga device na ito, puwede kang tumawag sa isang remote na paglilitis ng hukuman sa Zoom gamit ang landline o mobile phone. Abisuhan mo ang hukuman kung kailangan mo ang opsyong ito lalo na kung kailangan mo ng pagsasalin.

I-download ang Zoom

Ang susunod na hakbang ay i-download ang Zoom application sa iyong device. Opsyonal pero inirerekomenda ang hakbang na ito. Puwede kang sumali sa Zoom sa pamamagitan ng browser nang hindi dina-download at ini-install ang application, pero magagamit mo ang marami pang mga kakayahan nito kapag nai-download at na-install mo ang Zoom.

Sa isang computer, pumunta sa https://zoom.us/download para makuha ang pinakabagong bersyon ng Zoom Client for Meetings. Sa tablet o smartphone mo, pumunta ka sa App Store o Google Play at i-install ang Zoom Cloud Meetings app.

Libre ang pag-download ng Zoom sa device mo.

I-test ang Camera at Micropono Mo

I-download mo man o hindi ang Zoom application, dapat mong subukan ang camera at mikropono mo bago ang paglilitis. Ang isang paraan para gawin ito ay ang pagsali sa isang test

na meeting sa https://zoom.us/test. Ang test na meeting ng Zoom ay subok lang at walang iba pang sasali sa meeting.

Kapag sumasali sa isang test na meeting, siguraduhin mong sundin ang mga kahilingan para payagan ang Zoom na i-access ang mikropono at camera mo. Sa isang computer, posibleng kailanganin mong piliin ang "Join with Video." Dapat mong makita ang sarili mo sa screen. Ibig sabihin nito, gumagana ang camera mo.

Kung ito ang unang beses mong gagamitin ang Zoom sa device mo, posibleng awtomatikong magpatakbo ng test ang Zoom para kumpirmahing gumagana ang tunog mo. Puwede mo ring piliin ang maliit na icon na "pataas na arrow" sa tabi ng icon na mikropono sa toolbar sa ibaba ng screen. Sa menu na lalabas, piliin ang "Test Speaker & Microphone." Makakarinig ka ng mga tunog at hihilingan kang magsalita para kumpirmahing nakakarinig ka at nadidinig ka.

Sa tabi ng icon na mikropono, makakakita ka ng icon na camera. Kapag may pulang slash sa alinman sa dalawang icon, ibig sabihin, nakapatay ito. Kung walang pulang slash sa mga ito, nakabukas ang mga ito. Para sa iyong paglilitis ng hukuman, siguraduhin mong nakabukas ang camera mo at nakapatay ang mikropono mo (o naka-mute) hangga't hindi mo pa pagkakataong magsalita. Sanayin mong patayin at buksan ang mikropono at camera mo sa pamamagitan ng pagpili o pagpindot sa mga icon na ito.

Pumili ng Tahimik na Lugar

Dapat mong planuhing sumali sa iyong remote na paglilitis ng hukuman mula sa isang tahimik na lugar. Pumili ng lugar kung saan puwede kang manatili nang hanggang sa ilang oras nang hindi naaabala at nang hindi mo kailangang gumawa ng ibang bagay, tulad ng pagtatrabaho o pagmamaneho. Lubos na inirerekomendang pumili ka ng tahimik na lugar ng bahay mo o isang pribadong lugar. Depende sa kalendaryo ng hukuman, posibleng kailanganin mong maghintay sandali para matawag ang kaso mo. Tandaan mong makikita ka sa camera sa mga paglilitis kaya siguraduhin mong angkop para sa hukuman ang paligid ng lugar na mapipili mo.

Suriin Mo ang Koneksyon sa Internet o Signal ng Telepono Mo

Kakailanganin mo ng malakas na koneksyon sa internet para magamit ang Zoom para sa iyong remote na paglilitis ng hukuman. Tingnan mo kung makakakonekta ka sa internet sa napili mong lugar. Kung kumokonekta ka gamit ang celluar data, siguraduhin mong nasa isang lugar ka kung saan mayroon kang sapat na signal upang kumonekta sa meeting nang walang mga problema sa

audio o video mo. Siguraduhin mo ring patayin ang ibang mga device at application na posibleng gumagamit ng internet kasabay ng iyong paglilitis ng hukuman.

Planuhing Magdamit nang Naaangkop

Kahit hindi ka pupunta sa hukuman nang personal, dapat ka pa ring manamit nang naaangkop. Hindi mo kailangang magsuot ng suit, pero dapat kang manamit sa paraang nagpapakita ng respeto sa hukuman. Pumili ka ng damit na maisusuot mo sa isang propesyonal na opisina o pangnegosyong kalagayan.

Ihanda Mo Ang Mga Gamit Mo

Siguraduhin mong ihanda lahat ng mga dokumentong posibleng kailanganin mo para sa appointment, kasama ang iyong link ng meeting o meeting ID at passcode sa Zoom. Maghanda ka ng papel at bolpen o lapis para sa pagsusulat ng mga tala. Isaksak mo ang device mo at maghanda ng malapit na saksakan. Kung kailangan mong magpakita ng dokumento bilang bahagi ng iyong paglilitis ng hukuman, magtanong sa hukuman para malaman ang pinakatamang paraan para gawin ito. Posibleng sabihin ng hukuman na ipadala mo sa kanila sa pamamagitan ng email ang mga ito bago ang paglilitis.

Umaasa kaming nakatulong sa iyo ang video na ito para maghandang dumalo sa iyong remote na paglilitis ng hukuman sa Zoom. Baka gusto mo ring panoorin ang “Paano Dumalo sa Iyong Remote na Paglilitis ng Hukuman sa Zoom” at suriin ang mga kasamang mapagkukunan ng impormasyon. Tingnan ang website ng iyong lokal na hukuman para sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Puwede ring may mga direktang link ang website ng hukuman para dumalo gamit ang video o telepono.

Salamat!